# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa _____________ Marka _______

## Pag-unawa sa Kuwento

Kakayahan: Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwentong nabasa

A. Sagutin ang mga tanong tungkol sa kuwentong ***Si Diwayen, Noong Bago Dumating ang mga Espanyol***. Gumamit ng mga buong pangungusap.

1. Ano ang nakita ni Diwayen sa simula ng kuwento? Bakit itinuturing hudyat ito ng taggutom sa kanyang bayan?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

2. Bakit ipinatira si Diwayen ng kanyang ama sa tahanan ni Datu Bulawan?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

3. Ano ang mga gawain ni Diwayen sa tahanan ni Datu Bulawan?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

4. Ano ang napansin ni Diwayen na kakaiba sa katawan ni Datu Bulawan? Ano ang ipinahihiwatig ng mga ganitong marka sa katawan ng isang datu?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

5. Sino ang nakilala at naging kaibigan ni Diwayen sa bahay ng datu? Bakit sila naging magkaibigan?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

© 2014 Pia Noche

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa _____________ Marka _______

## Pag-unawa sa Kuwento

Kakayahan: Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwentong nabasa

6. Ano ang dahilan ng pagmumukmok ng kaibigan ni Diwayen?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

7. Anong pangyayari sa kuwento ang naging kasukdulan nito?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

8. Ano ang naging reaksiyon ng datu sa nangyari sa gubat?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

9. Ano ang naging pasiya ng datu tungkol sa katayuan ni Diwayen?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

10. Ano ang iminungkahi ni Diwayen sa kanyang kaibigan bago siya umalis?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

11. Ano ang o ang mga katangian ni Diwayen na naging dahilan ng pagtatamo niya ng kalayaan?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

12. Ano ang paborito mong bahagi sa kuwento?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

© 2014 Pia Noche

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa _____________ Marka _______

## Pag-unawa sa Kuwento

Kakayahan: Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwentong nabasa; Napagsusunud-sunod ang mga pangyayari sa kuwento

13. Ano ang aral o mga aral ang nakuha mo mula sa kuwentong ito?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

14. Sa kasalukyan, may mga bata ba na ginagawang alipin tulad ni Diwayen?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

15. Anong karapatan o mga karapatan ng bata ang hindi natatamo ng mga batang tulad ni Diwayen?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

B. Isulat ang mga bilang 1 hanggang 6 upang pagsunud-sunurin nang tama ang mga pangyayari sa kuwento.

_____ Nailigtas ni Diwayen ang kanyang kaibigan mula sa isang hayop sa kagubatan.

_____ Si Diwayen ay naging isa sa mga alipin ni Datu Bulawan.

_____ Ang prinsesa ay nakilala at naging kaibigan ni Diwayen.

_____ Nakaranas ng taggutom ang bayan ni Diwayen.

_____ Umuwing malaya si Diwayen sa kanyang mag-anak.

_____ Pumunta sa kagubatan ang magkaibigan.

_____ Pinasalamatan ni Datu Bulawan si Diwayen.

© 2014 Pia Noche 

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa _____________ Marka _______

## Pagpapalawak ng Talasalitaan

Kakayahan: Napapalawak ang talasalitaan

Pag-aralan ang mga kahulugan ng mga salita mula sa kuwentong ***Si Diwayen, Noong Bago Dumating ang mga Espanyol***.

1. **balang** (*locust*) – kulisap na kawangis ng tipaklong na pumipinsala sa mga pananim
2. **malong** (*traditional tube skirt*) – tradisyonal na tela o palda na may geometrikong disenyo
3. **poot** (*anger or hatred*) – matinding galit
4. **haka-haka** (*speculation*)– pala-palagay
5. **gaon** (*pawned item*) – sa sinaunang lipunang Bisaya, ang prenda o sangla
6. **tutubusin** (*redeem*) – magbabayad upang mapalaya ang isang tao o makuha muli ang isang bagay na isinangla
7. **nag-iisis** (*polishing*) – nagpapakintab
8. **tulali** (*a type of nose flute*) – uri ng plawta na hinihipan sa ilong
9. **malamyos** (*mild and rhythmic*) – malumanay at maindayog
10. **binukot** (*a girl or woman of nobility who lives alone or separate from others*) – sa sinaunang lipunang Bisaya, isang babaeng maharlika o asawa ng datu na nabubuhay nang nag-iisa at nakahiwalay sa ibang tao
11. **kunggit** (*a game played with seashells on a boat-like wooden board with pits, similar to* sungka) – isang laro na gumagamit ng maliliit na talukab na inilalagay sa isang tabla na hugis bangka
12. **sigay** (*shell of a small snail*)– bahay o talukab ng isang uri ng hayop-dagat
13. **pagkabagot** (*impatience or annoyance*) – pagkainip; pagkawalan ng pasensiya

© 2014 Pia Noche

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa _____________ Marka _______

## Pagpapalawak ng Talasalitaan

Kakayahan: Napapalawak ang talasalitaan

Pag-aralan ang mga kahulugan ng mga salita mula sa kuwentong ***Si Diwayen, Noong Bago Dumating ang mga Espanyol***.

14. **piging** (*a banquet to honor someone*) – salu-salong handog sa taong binibigyan ng parangal
15. **nagmumukmok** (*sulking*)- nagtatampo
16. **inatupag** (*attending to a task regularly*) – ginawa na nakatuon ang lakas at panahon sa isang gawain
17. **pumuslit** (*escaped*) – tumakas nang palihim
18. **kumaripas** (*left hurriedly*) – nagmamadaling umalis
19. **nasukol** (*surrounded or cornered*) – napalagay o napapunta sa isang sulok na walang matatakasan
20. **bugawin** (*drive away insects or animals*) – paalisin o palayasin ang kulisap o hayop
21. **nayamot** (*annoyed, displeased, or angered*) – nasuya; nainis; nagalit
22. **iglap** (*an instant*) – saglit
23. **nakabulagta** (*fallen flat*) – nakahandusay dahil sa kahinaan o pagkawala ng malay
24. **sumambulat** (*burst or exploded*) – pumutok
25. **bulyaw** (*loud reprimand*) – malakas na pagsigaw na pagalit
26. **malasakit** (*care or concern*) – pag-aalala o pag-aalaga sa isang tao o bagay
27. **dumagsa** (*go in large numbers*) – marami ang dumating o natuloy
28. **pagpupugay** (*greeting or giving respect by taking off one's hat or by saluting*) – pagbibigay galang
29. **napabungisngis** (*giggled*) - napangisi

© 2014 Pia Noche 

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa _____________ Marka _______

## Pagpapalawak ng Talasalitaan

Kakayahan: Napapalawak ang talasalitaan

Ikahon ang salita na kasingkahulugan ng salitang may salungguhit sa pangungusap.

1. Ang maliit na aso ay <u>pumuslit</u> mula sa loob ng bahay at kumaripas patungo sa halamanan.

   tumahol tumakas pumasok naglakad

2. Nayamot ang lalaki dahil sa dami ng mga langaw kaya sinubukan niya itong <u>bugawin</u>.

   patayin kainin paalisin hulihin

3. Maraming bagay na inatupag si Michelle para sa sorpresang <u>piging</u> kung saan paparangalan ang kanyang nanay.

   regalo biyahe panauhin salu-salo

4. Dahil sa <u>haka-haka</u> na darating si Kris Aquino, dumagsa sa plaza ang mga tagahanga niya.

   prueba pala-palagay balita sa radyo payo

5. Ang may pinakamaraming <u>sigay</u> ang siyang panalo sa larong kunggit.

   bato tansan bola talukab

6. Upang mawala ang kanyang <u>pagkabagot</u>, sinubukan ni Ernie na tugtugin ang *tulali*, isang katutubong instrumentong pangmusika.

   lungkot pagkainip galit pagkabata

7. Mapapawi ang <u>poot</u> mo kapag marinig mo ang malamyos na tinig ng mang-aawit.

   galit pagod antok sakit

© 2014 Pia Noche 

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa _____________ Marka _______

## Pagpapalawak ng Talasalitaan

Kakayahan: Napapalawak ang talasalitaan

8. Ang pagsuot ng mga katutubong damit tulad ng malong tuwing Buwan ng Wika ay isang paraan ng <u>pagpupugay</u> sa mga katutubong Pilipino.

   pananamit — pagkakaibigan
   pagbibigay galang — pagmamahal

9. Sa isang iglap lamang ay <u>nasukol</u> na ng mga pulis ang kriminal.

   napatay — nabaril — napikot — nasigawan

10. <u>Tutubusin</u> ni Delia ang gaon na kuwintas sa katapusan ng buwan.

   ibibigay — ibebenta — babayaran — nanakawin

11. Walang <u>malasakit</u> ang mga taong nakakita sa babaeng nakabulagta sa bangketa.

   sinabi — pag-aalala — damdamin — limos

12. <u>Nagmumukmok</u> ang binukot dahil walang siyang kalaro.

   nalulungkot — nagmumura — umiiyak — nagtatampo

13. Habang siya ay nag-iisis ng sahig, nagulat si Diwata sa <u>bulyaw</u> ng kanyang amo.

   malakas na hilik — malakas na tawa
   mabahong hininga — malakas na sigaw

14. Binalita sa telebisyon na <u>sumambulat</u> muli ang Bulkang Mayon sa Albay.

   nagulat — umapoy — pumutok — inakyat

15. May mga <u>balang</u> sa palayan ni Mang Dodong.

   isang uri ng kulisap — bala ng baril
   malaking halimaw — malakas na kalabaw

© 2014 Pia Noche